



SCREAMIN' EAGLE PRO TC 103 CI STAGE 4 KIT

PANGKALAHATAN

Numero ng Kit

92500005A (Itim)

Mga Modelo

Para sa impormasyon tungkol sa pagiging sukat sa modelo, tingnan ang P&A Retail Catalog o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (English lamang).

Kinakailangan ng Mga Karagdagang Piyesa

Ang kit na ito ay inilaan para sa mga sasakyan na 103 cid displacement na at may stock na 3.875 bore. Kung ang mga cylinder ay nasira o na-upod, mag-order ng mga pamalit na cylinders assembly 16547-99A (dalawa ang kinakailangan).

Ang kit na ito ay nangangailangan ng hiwalay na pagbili ng SE air cleaner kit na tugma sa ibinigay na 58mm throttle body. Tingnan ang katalogo ng SE Pro para sa mga available na kit.

Ang kit na ito ay nangangailangan din ng hiwalay na pagbili ng Cam Drive Retention Kit (91800088) at Cam Service Kit (17045-99C) na available mula sa isang Harley-Davidson dealer.

Ang hiwalay na pagbili ng Cam Spacer Kit (25928-06) ay inirerekomenda. Ang kit na ito ay naglalaman ng limang iba't ibang spacer upang makamit ang angkop na pagkakahanay ng sprocket.

Tingnan ang naaangkop na mga seksyon sa manwal ng serbisyo para sa mga espesyal na kagamitang kinakailangan para maikabit ang kit na ito.

Ang wastong pag-install ng kit na ito ay nangangailangan din ng ECM recalibration. Makipag-ugnayan sa isang dealer ng Harley-Davidson para sa mga detalye.

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy sa impormasyon sa manwal ng serbisyo ang pahina ng tagubilin na ito. Ang manwal ng serbisyo para sa modelo ng inyong motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito at ito ay makukuha sa isang dealer ng Harley-Davidson.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan Figure 1 upang Figure 3, at Talahanayan 1 upang Talahanayan 3.

TALA

Ang kit na ito ay para sa High Performance o mga application sa Racing lang at hindi ito legal na ibenta o gamitin sa mga sasakyang de-motor na pollution controlled. Maaaring babaan o ipawalang-bisa ng kit na ito ang limitadong garantiya ng sasakyan. Ang mga performance parts na may kaugnayan sa makina ay nakalaan para lamang sa mga sanay na nagmomotor.

PAGTATANGGAL

Maghanda para sa Pag-serbisyo

1. Iposisyon ang motorsiklo sa naaangkop na lift.

TALA

Kung may Smart Security System ng Harley-Davidson ang sasakyan, sumangguni sa manwal ng may-ari para malaman ang mga tagubilin kung paano i-disable ang system.

2. Alisin ang upuan alinsunod sa mga tagubilin sa manwal ng serbisyo.

▲ BABALA

Kapag nagkukumpuni ng sistema ng gasolina, huwag manigarilyo o magpahintulot ng apoy o sparks sa paligid. Ang gasolina ay napakadaling lumiyab at lubhang sumasabog, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00330a)

3. Tanggalin ang tangke ng gasolina alinsunod sa mga tagubilin sa manwal ng serbisyo.
4. Tanggalin ang pangunahing fuse. Sumangguni sa manwal ng may-ari para sa iyong motorsiklo.

Tanggalin ang mga Bahagi ng Makina.

1. Tanggalin ang kasalukuyang assembly ng air cleaner. Sumangguni sa PAGTATANGGAL NG AIR CLEANER sa manwal ng serbisyo.
2. Tanggalin ang kasalukuyang exhaust system. Sumangguni sa PAGTATANGGAL NG EXHAUST SYSTEM sa manwal ng serbisyo.
3. Kalasin ang itaas na dulo at cam plate ng assembly ng makina. Sumangguni sa naaangkop ng mga seksyon ng MAKINA sa manwal ng serbisyo.

4. Alisin ang nakakabit na clutch diaphragm spring. Sumangguni sa PAG-AALIS NG CLUTCH sa manwal ng serbisyo.

PAGKAKABIT

Ikabit ang mga Piyesa ng Makina at Clutch.

1. Tingnan ang Figure 3. Suriin ang camshaft needle bearings (5) at palitan kung kinakailangan.
2. Tingnan Figure 1 hanggang Figure 3. I-assemble ang mga cam sa cam plate, mga cylinder head ng performance at top end ng engine gamit ang mga bahagi mula sa kit. Sumangguni sa naaangkop ng mga seksyon ng MAKINA sa manwal ng serbisyo.
3. I-assemble ang throttle body at mga injector mula sa kit gamit ang orihinal na linya ng gasolina ng kagamitan at fuel rail. Sumangguni sa mga tagubilin sa ibinigay na throttle body kit.
4. I-install ang throttle body assembly sa engine gamit ang mga intake flange at mga seal na ibinibigay sa throttle body kit. Sumangguni sa mga tagubilin mula sa ibinigay na throttle body kit.
5. I-install ang clutch diaphragm spring mula sa kit. Sumangguni sa PAGKAKABIT NG CLUTCH sa manwal ng serbisyo.
6. Ikabit ang exhaust system. Sumangguni sa PAGKAKABIT NG EXHAUST SYSTEM sa manwal ng serbisyo.
7. Ikabit ang air cleaner assembly. Sumangguni sa PAGKAKABIT NG AIR CLEANER sa manwal ng serbisyo.

Huling Assembly

1. Ikabit ang pangunahing fuse. Sumangguni sa manwal ng may-ari para sa iyong motorsiklo.

2. Ikabit ang tangke ng gasolina alinsunod sa mga tagubilin sa manwal ng serbisyo.

3. Ikabit ang upuan alinsunod sa mga tagubilin sa manwal ng serbisyo.

▲ BABALA

Pagkatapos ikabit ang upuan, hilahin pataas ang upuan upang matiyak na ito ay naka-lock sa posisyon. Habang nakasakay, maaaring gumalaw at maging sanhi ng pagkawala ng kontrol ang maluwag na upuan, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00070b)

PAUNAWA

Dapat mong i-recalibrate ang ECM kapag in-install ang kit na ito. Ang hindi maayos na pag-recalibrate ng ECM ay maaaring magresulta sa malubhang pinsala sa makina. (00399b)

4. I-recalibrate ang bagong ECM. Makipag-ugnayan sa isang dealer ng Harley-Davidson para sa mga detalye.
5. Paandarin at patakbuhan ang makina. Ulitin nang ilang beses upang tiyakin na tama ang operasyon.

Pagpapagana

Sumangguni sa MGA ALITUNTUNIN SA BREAK-IN NA PAGSAKAY sa manwal ng may-ari para malaman ang mga tagubilin kung paano i-break in ang motorsiklo.

MGA PAMALIT NA PIYESA

is03918d




Figure 1. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa	Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	3.875 cylinder assembly (itim) (2)	16547-99A	7	O-ring, base ng silindro	11256
2	Piston (2)	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay	8	Cylinder head assembly, harap (itim)	16500014A
3	Piston ring set (2)	22457-10	9	Cylinder head assembly, likuran (itim)	16500015A
4	Piston pin (2)	22455-03	10	Awtomatikong compression release (ACR) plug	16648-08A

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa	Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
5	Piston pin circlip (4)	22097-99	Mga Paalala: Kasama sa Piston Kit (22144-08B) ang mga item 2 hanggang 5. Para sa mga bahagi ng cylinder head assembly (8, 9), sumangguni sa instruction sheet J04792.		
6	Gasket, cylinder head (2)	16787-99A			




Figure 2. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Talahanayan 2. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa	Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Gasket, base ng takip ng rocker (2)	16719-99A	10	Assembly ng baffle (2)	26500002
2	Gasket, base ng takip ng rocker (2)	17386-99A	11	Selyo, EFI intake (2) (Hindi Ipinakikita)	29995-86B
3	Gasket, takip ng tappet (2)	18635-99B	12	Seal, sensor ng mapa (2) (Hindi Ipinapakita)	11291
4	O-ring, takip ng middle push rod (4)	11132A	13	Perfect fit pushrods kit	18400-03
5	O-ring, takip ng ibabang push rod (4)	11145A	14	Tappet (4)	18572-13

Talahanayan 2. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa	Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
6	O-ring, itaas na takip ng push rod (4)	11293	Mga Paalala: Ang Breather assembly 17025-03A ay may kasamang 8 hanggang 10. Ang mga item 1 hanggang 11 ay kasama sa Upper End Overhaul Kit (17052-99C) at aytem 6 at 7, Figure 1.		
7	O-ring, rocker arm support (2)	11270			
8	Breather bolt (4)	4400			
9	Breather assembly (2)	17025-03A			

1959057




Figure 3. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Talahanayan 3. Mga Pamalit na Piyesa: Screamin' Eagle Pro TC 103 CI Stage 4 Kit

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Sapatilya, takip ng cam	25244-99A
2	Retaining ring	11461
3	Camshaft, harap, SE-259E	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
4	Camshaft, likuran, SE-259E	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
5	Bearing, needle (2) (dapat bilhin nang hiwalay, kung kailangan)	9215
6	O-ring, oil pump tungo sa cam plate	11293
7	O-ring, cam plate tungo sa crankcase (2)	11301
8	Hi-flow injector kit (hindi ipinakita)	27796-08
9	58 mm ETC throttle body kit (hindi ipinakita)	27713-08
Mga bagay na binanggit sa text, ngunit hindi kasama sa kit:		
A	Cam drive retention kit (may kasamang turnilyo at washer)	91800088
Mga Paalala: Ang mga item 1, 4, 8 at 9 ay kasama sa Cam Service Gasket Kit (17045-99D). Available ang mga item 5 at 6 sa Cam Kit (25482-10).		